



Karahasan sa Pamilya at mga Visa ng Kapartner

Ang mga may visa ng Kapartner ay hindi kinakailangang manatili sa mapang-abusong relasyon para mamalagi sa Australya.

Sa Australya ay hindi katanggap-tanggap ang karahasan sa tahanan at pamilya.

Ang isang kapartner, mga kapamilya at iba pang tao sa komunidad ay hindi maaaring magbanta sa estado ng iyong visa.

Kung ikaw ay may hawak na pansamantalang visa ng Kapartner (subclass 309 o 820) o visa ng Nalalapit na Pagpapakasal (subclass 300) at dumaranas ng karahasan sa pamilya at ang iyong pakikipagrelasyon ay nagwakas na, mayroong mga probisyon ang mga batas ng migrasyon sa Australya para payagan kang magpatuloy sa iyong pag-aaplay para sa permanenteng visa ng Kapartner (sub-class 100 o 801).

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nanganganib, tawagan ang pulisya sa **000**.

Ligtas at mapagkakatiwalaan ang pulisya sa Australya.

Para sa libre at kumpidensyal na payo at suporta, tawagan ang 1800RESPECT sa **1800 737 732**.

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, tumawag sa **131 450**.

Hindi kinukunsinti ng Pamahalaang Australyano (Australian Government) ang karahasan sa tahanan at pamilya anuman ang sirkumstansiya.

Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay mga krimeng labag sa batas. Ang isang taong nakagawa ng karahasan sa tahanan o pamilya ay maaaring makulong, lalaki man o babae sila.

Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay ugali o mga bantang hangad na pang-ibabawan ang isang lalaki o babaeng kapartner sa pamamagitan ng pananakot sa kaligtasan o kaayusan ng kalagayan.

Sinumang dumaranas ng karahasan sa tahanan at pamilya sa Australya ay maaaring humingi ng tulong mula mga serbisyong suporta.

Maaari kang humingi ng tulong anuman ang iyong visa o estado sa imigrasyon.

Hindi mahalaga kung ang relasyon ay natapos na o hindi pa – makahihingi ka pa rin ng tulong.

Ang **1800RESPECT** ay pambansang serbisyo sa pagpapayo sa sekswal na pag-atake, karahasan sa tahanan at pamilya sa Australya (Australia's national sexual assault, family and domestic violence counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at sa online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang mga katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa inyong lugar.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang **website** ng **1800RESPECT** sa **www.1800RESPECT.org.au**.

Kailangan mo ng interpreter?

Tawagan ang **Serbisyo sa Pagsasalang-wika at Pag-iinterprete (Translating and Interpreting Service)** (TIS) sa **131 450**. Makatutulong ang isang interpreter mula sa TIS para maiugnay ka sa iba pang mga serbisyo, subalit ang TIS ay hindi nagbibigay payo. Lahat ng tawag ay libre at kumpidensyal.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa karahasan sa pamilya kung may hawak kang visa:

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa karahasan sa pamilya at mga visa ay makukuha sa **website** ng **Department of Home Affairs (Kagawaran ng Suliraning Panloob)** sa **www.homeaffairs.gov.au**.